**PROKLAMASYON NG GOBERNADOR PARA SA SAKUNA**

SAPAGKAT, simula Hunyo 29, 2023, at nagpatuloy hanggang Hulyo 4, 2023, maraming matitinding bagyo ang dumaan sa Illinois na nagdulot ng malakas na pag-ulan, biglaang pagbaha, pag-ulan ng bato-batong yelo, buhawi, at straight-line na hangin na mapanganib at nagdulot ng malawakang pinsala at pagkawasak sa mga pampubliko at pribadong ari-arian; at,

SAPAGKAT, noong ika-29 ng Hunyo, ang gitnang Illinois ay nakaranas ng isang matindi at malawakang windstorm *[derecho]* na nagdulot ng nakapipinsalang straight-line na hangin na nagresulta sa limang (5) kumpirmadong buhawi, kasama ang pagbugso ng hangin na lampas sa 100 milya bawat oras sa maraming county; at,

SAPAGKAT, ang mga buhawi at straight-line na hangin ay nagresulta sa malalaking kalat na nakakaapekto sa mga may-ari ng bahay, mga negosyo, pangkalahatang serbisyo ng gas, kuryente at tubig *[utilities]*, at lokal na pamahalaan; at,

SAPAGKAT, dahil sa malaking bilang ng mga natumbang puno, mga sanga, at poste ng kuryente, nagkaroon ng malawakang pagkawala ng kuryente sa mga tahanan at negosyo; at,

SAPAGKAT, noong ika-30 ng Hunyo, nagkaroon muli ng matitinding bagyo sa timog-kanluran ng Illinois na nagdulot ng nakapipinsalang hangin, pag-ulan ng bato-batong yelo, at ulan na nagresulta sa karagdagang malawakang pagkawala ng kuryente at mas maraming kalat sa maraming county; at,

SAPAGKAT, noong ika-2 ng Hulyo, ang ikatlong set ng mga matitinding bagyo ay nagdulot ng malakas-lakas na pag-ulan, kabilang ang mga lokal na kabuuan ng higit sa walong (8) pulgada ng tubig, sa maikling panahon, na nagdulot ng biglaang pagbaha sa loob at paligid ng lugar ng Chicago, kabilang ang kanlurang bahagi ng Lungsod sa Austin at iba pang mga komunidad; at,

SAPAGKAT, ang mga bagyo noong Hulyo 2 ay nagpatumba rin ng maraming puno at nagdulot ng malawakang pagkawala ng kuryente sa hilagang Illinois; at,

SAPAGKAT, ang mga bagyo sa panahong ito ay nagdulot din ng mga pagkaantala sa transportasyon dahil sa biglaang pagbaha at mga kalat sa mga kalsada; at,

SAPAGKAT, ang pagpapatuloy ng matitinding bagyo sa buong panahong ito ay nagdulot ng karagdagang pinsala sa pampubliko at pribadong ari-arian sa mga apektadong lugar at napigilan ang kakayahan ng mga lugar na naapektuhan ng mga nakaraang bagyo na magsagawa ng epektibong mga operasyon sa pagtugon at pagbawi; at,

SAPAGKAT, dahil sa mataas na temperatura at halumigmig *[humidity]* sa buong panahon, kabilang ang kasagsagan at pagkatapos ng mga bagyong ito, ay kinailangan ang pagbubukas ng mga silungan at pampublikong lugar upang maprotektahan ang publiko mula sa mga pinsalang may kaugnayan sa init; at,

SAPAGKAT, bilang resulta ng mga bagyong ito, ang pinsalang idinulot ng mga ito sa mahahalagang imprastraktura, at ang patuloy na panganib at epekto nito sa publiko, ang mga di-pangkaraniwang hakbang ay kinakailangan, at ipinatupad, upang protektahan ang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga mamamayan ng Illinois; at,

SAPAGKAT, batay sa mga ulat na natanggap ng Illinois Emergency Management Agency at ng Office of Homeland Security, ang mga lokal na rekurso at kakayahan sa mga komunidad na tinamaan ng mga bagyong ito ay nagamit na, at kinakailangan ang rekurso ng Estado para tumugon sa at makabangon mula sa mga epekto ng mga matinding bagyo; at

SAPAGKAT, may legal na batayan ang mga kondisyong ito sa ilalim ng Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Act, 20 ILCS 3305/7, para sa pagpapalabas ng isang proklamasyon ng sakuna.

DAHIL DITO, sa interes ng pagtulong sa mga mamamayan ng Illinois at mga lokal na pamahalaan na responsable sa pagtiyak sa kalusugan at kaligtasan ng publiko, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Estado ng Illinois, ay nagpapahayag ng mga sumusunod:

Seksyon 1. Alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7, pinatutunayan kong may sakuna sa Estado ng Illinois at partikular na idinedeklara ang mga County ng Coles, Cook (kabilang ang Lungsod ng Chicago), Edgar, Hancock, McDonough, Morgan, Sangamon, at Washington bilang mga lugar ng sakuna.

Seksyon 2. Inaatasan ang Illinois Emergency Management Agency at ang Office of Homeland Security na magpatuloy sa pagpapatupad ng State Emergency Operations Plan, gaya ng ginagawa nito mula noong ika-29 ng Hunyo, at para maisaayos ang mga rekurso ng Estado para matulungan ang mga lokal na pamahalaan sa mga operasyon sa pagtugon at pagbangon mula sa sakuna.

Seksyon 3. Para makatulong sa agarang pagbili ng mga kinakailangan sa pagtugon at iba pang kapangyarihang pang-emerhensiya sa ilalim ng Illinois Emergency Management Agency Act, ang mga probisyon ng Illinois Procurement Code at ng Illinois Joint Purchasing Act na sa anumang paraan ay pipigil, hahadlang o mag-aantala sa kinakailangang aksyon sa pagharap sa sakuna ay sinususpinde hanggang hindi ito hinihingi ng pederal na batas.

Seksyon 4. Mapapabilis ng proklamasyong ito ang kahilingan sa Pederal na tulong pangsakuna kung ipapahiwatig sa kompleto at komprehensibong pagtatasa ng pinsala na hindi kakayanin ng Estado at mga apektadong lokal na pamahalaan ang epektibong pagbangon.

Seksyon 5. Ang proklamasyong ito ay kaagad na ipatutupad at mananatiling may bisa sa loob ng 30 araw.

__________________________

JB Pritzker
Gobernador

Petsa: Hulyo 11, 2023